REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

KAPASIYAHAN BILANG 93-100

KAPASIYAHAN NA HINIHILING SA KALIHIM RAFAEL M. ALUNAN III NG KAGAWARAN NG INTERYOR AT PAMAHALAANG LOKAL, DIRECTOR GENERAL UMBERTO A. RODRIGUEZ NG PHILIPPINE NATIONAL POLICE AT PUNONGBAYAN NG MUNTINLUPA, MGGL. IGNACIO R. BUNYE NA MAILIPAT O MAALIS SA TUNGKULIN BILANG PUNONG-PULISYA (STATION COMMANDER) NG CUERPO NG PULISYA NG BAYAN NG MUNTINLUPA SI CHIEF INSPECTOR NAPOLEON M. VELASCO.

************************************************************

Ipinanukala ni: Kgg. Lucio B. Constantino
Kgg. Dante S. Almario
Kgg. Alejandro L. Martinez

************************************************************

SAPAGKAT, ang Bayan ng Muntinlupa ay isa sa mabilis na umuunlad na bayan sa Kalakhang Maynila at sa buong bansa na rin;

SAPAGKAT, ang Bayan ng Muntinlupa alinsunod sa mga istatistikong ipinalabas noon ng kaukulang ahensiya ng pamahalaan, ito ang may pinakamababang crime rate sa Kalakhang Maynila;

SAPAGKAT, ang pag-unlad ng bayan upang masustinahan ay nararapat na mapanatili ang kaayusan at mapangalagaan ang katahimikan nito upang huwag maalis o maitaboy ang mga kasalukuyang namumuhunan at nangangalakal at mga nagnanais pang mag-invest at magtayo ng kalakalan dito;

SAPAGKAT, ang kasalukuyang kalagayan ng kaayusan at katahimikan ng Bayan ng Muntinlupa ay lubos na nakakabahala na at maaaring makakaapekto sa pagsulong nito;

SAPAGKAT, sa mahinang pamumuno ni Chief Inspector Velasco ay naging kapansin-pansin ang pagbaba at unti-unting paglala ng sitwasyon ng katahimikan at kaayusan dito tulad ng lumalalang suliranin sa trapiko lalo na sa lugar ng Barangay Alabang at Sucat, tahasang pagsuway at pagwawalang halaga sa mga pag-aatas at kahilingan ng mga miyembro ng Sangguniang Bayan, paglala ng mga insidente ng krimen, pagkalat ng paggamit at pagbili ng mga ipinagbabawal na gamot, lumalalang prostitusyon, paglipana ng sugalan at ang hindi pagbibigay ng wastong pagpapahalaga o tamang pagpapatupad sa mga ordinansa o kautusang bayan na pinagtibay ng Sangguniang Bayan na pawang naglalayon lamang sa kabutihan ng pamayanan;

SAPAGKAT, ang hindi pagkilos nito sa tungkuling sinumpaan para sa bayan at ang kanyang (Chief Inspector Velasco) inefficiency at incompetence sa kanyang gawain ay malalagay sa masamang sitwasyon ang Bayan ng Muntinlupa.

NGAYON, DAHIL DITO, pinagpasiyahan ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa na humiling sa Kalihim Rafael M. Alunan III ng Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal, Director General Umberto A. Rodriguez ng Philippine National Police at Punongbayan ng Muntinlupa, Mggl. Ignacio R. Bunye na mailipat o maalis sa tungkulin bilang Punong-Pulisya (Station Commander) ng cuerpo ng pulisya ng Bayan ng Muntinlupa si Chief Inspector Napoleon M. Velasco.

PINAGTIBAY NG HIGIT NA NAKARARAMING Kagawad ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang ika-57th regular na pulong na ginanap ngayong ika-28 ng Setyembre, 1993.

PINATOTOHANAN:

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punongbayan/Pangulong Opisyal

(Absent)
KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

(Di-Lumahok)
KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. ARTURO S. BUNYI
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

Pahina - 3 -
Kapasiyahan Bilang 93-100

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

(Di-Lumahok)
KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

(Di-Lumahok)
KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

(Absent)
KGG. REYNALDO A. ABAS,JR.
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Samahan ng mga Punong-Bgy.

(Absent)
KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS,JR.
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sang.Kabataan

PINATUTUNAYAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY:

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan